

23. Panginoon, nawa'y tulongan mo po ang mga ina sa Central Europe na matutong gawing pangunahinang kanilang pamilya, makapagpasya ng tama at hingin ang iyong gabay sa pagbabalanse sa pagitan ng trabaho at pag-aaruga sa kanilang mga anak. (Isa. 30:21)

24. Panginoon, dalangin namin ang mga mag-asawa sa Denmark na galing sa magkakaibang kultura. Nahaharap sila sa mahirap na mga hamon, tulad ng hindi pagtanggap ng kanilang mga pamilya sa kanilang relasyon, ganundin ang hindi pagkakaunawaan kung aling kultura ba ang dapat manaig. (Fil. 2:2)

25. Ama, ingatan Mo at gabayan nawa ang mga naglalakbay sa mga liblib na lugar sa Greenland para magsagawa ng mga pag-tuturo ng Bibliya. Baguhin mo nawa ang mga pamilya sa pamamagitan ng mensahe ng ebanghelyo, makapagbigay ng pag-asa, kagalakan at bagong buhay kay Kristo. (2 Cor. 5:17)

26. Ama, palakasin mo nawa ang mga espirituwal na buhay ng mga kababaihan at ng kanilang mga pamilya sa China. Nawa ay sumangguni sila palagi sa iyong mga Salita at sa Banal na Espiritu sa kanilang mga pagpapasya at ikaw ang gawing sentro ng kanilang mga buhay. (2 Pedro 1:3)

27. Dalangin namin ang mga pamilya sa Canada na nagkakainisan sa isa't isa dahil marami silang oras ngayon na magkakasama dulot ng COVID-19 lockdowns. Ama, bigyan mo nawa ng katiwasayan ang kanilang mga relasyon at pamilya. (Efeso 4:31-32)

28. Dalangin namin ang mga sambahayan na may mga anak na may espesyal na pangangailangan. Kung minsan ang pangangailangan ay higit sa makakayanan ng mga tagapag-alaga. Panginoon, pagkalooban mo sila ng suporta at kasiguraduhan na kasama Ka nila. (Ex. 33:14)

29. Ama, nawa ang aming mga tahanan ay maging ligtasat puspos ng pag-ibig. Tulungan mo nawa ang mga mananampalataya na nahihirapan dahil sa kawalan ng trabaho. Nawa ay dalhin nila sa Iyo ang kanilang mga pasanin at sila ay sa Iyo umasa bilang Tagapagkaloob ng mga pangangailangan sa halip na magkaroon ng gulo o sakitan sa kanilang mga pamilya. (Mateo 5:9)

30. Oh Diyos, itinataas namin sa iyo ang mga pamilya na nagluluksa. Tulungan mo nawa sila na malampasan nila ang ganitong kawalan sa kanilang buhay. Aliwin mo nawa sila ng iyong hindi nagmamaliw na pag-ibig at katapatan at bigyan mo sila ng lakas upang hanapin ka nila. (2 Cor. 1:3-4)

31. Panginoon, ikaw ang Ama ng mga ulila. Nawa ang iyong pag-ibig at presensiya ang pumuno sa mga puso at isip ng mga anak ng mga solong magulang at nawa ay maipagkaloob ang lahat ng kanilang mga pangangailangan (Mga Awit 68:5).

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 07. PAG-AASAWA, PAMILYA, SOLONG MAGULANG

"Ang pamilya ay isang pamayanan na itinatag mismo ng Diyos. Ito rin ang pinakapangunahin at pinakamahalagang pamayanan. Maaari mong maranasan ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga magulang. Maaari mong mailarawan ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga anak. Ang mag-asawa ay ibinigay ng Diyos sa isa't isa upang magtulungan. Magtatag tayo ng pamilya na nagbibigay ng kaluguran sa Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay ng tunay na pananampalataya. "Para sa akin at sa pamilya ko maglilingkod kami sa PANGINOON." (Joshua 24:15).

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Mahal na Panginoon, ang kinakailangang online na pag-aaral ay may hatid na hirap sa mga bata at magulang sa buong mundo. Dulutan mo nawa ang bawat pamilya ng iyong biyaya, katiyagaan at suportang kanilang kailangan para sa kanilang matagumpay na edukasyon habang nanatiling matatag sa kanilang mga relasyon. (2 Corinto 12:9)
2. Ama, ipinapanalangin namin ang mga inang Romanian na inabandona ng kanilang mga asawa. Dulutan mo nawa sila ng karunungan, pag-asang nasa iyo, katiyagaan sa pagtataguyod ng kanilang mga anak, pinansiyal na mapagkukunan at tulong mula sa komunidad ng mga mananampalataya. (Mga Awit 57:1)
3. Panginoon, protektahan mo nawa ang mga batang babaeng Cambodian mula sa mga masasamang tao na nais silang tangayin patungong China o Malasiya upang maging asawa ng mga lalaki kahit labag sa kanilang kagustuhan. (2 Thess. 3:3)
4. Marami sa mga biktima ng karahasan sa loob ng tahanan sa Croatia ay nasa banta at panganib mula sa mga nang-aabuso sa kanila ngayong panahon ng lockdowns. Panginoon, protektahan mo nawa sila, akayin at dalhin sa ligtas na lugar kung saan maaari silang makaranas ng kagalingan. (Isa. 41:10-12)
5. Taglayin nawa ng mga pamilyang Tanzanian ang espirituwal na kalakasan sa kanilang pagbabahagi ng Salita ng Diyos at sama-samang pananalangin. Magkaroon nawa ng respeto sa isa't-isa, pag-ibig, at pagpapahalaga sa pagitan ng mga magulang at mga anak (Roma 10:17)
6. Oh Diyos, dalangin namin na tulungan mo nawa ang mga Vietnamese at multigenerational na mga pamilya na sila'y magkaunawaan at magkaisa. (Mga Awit 112:2)
7. Ama, dalangin namin na buksan mo nawa ang mga sinapupunan ng maraming mga kababaihan na nakatira sa North Caucasus na hindi nabubuntis. Ang kawalang kakayahang magbuntis ay nagdudulot ng away sa pagitan ng mag-asawa sa mga lugar na ito. (1 Pedro 3:7)
8. Sa pagtaas ng diborsiyo sa mga magasawang Muslim sa Indonesia ngayong pandemya, maraming mga solong magulang na may mga anak ang nahihirapang maghanap ng trabaho. Ipanalangin natin na matugunan ang pangangailangan ng mga

pamilyang ito upang hindi na nila pilitin ang kanilang mga batang babaeng anak na mag-asawa ng dahil lamang sa pera. (Mat. 18:10)

9. Pinupuri ka namin, oh Diyos, na ang mga programa ng Women of Hope ay makapagdulot ng pag-asa at kalakasan sa mga pamilyang Portuguese na nasa krisis ngayong panahon ng pandemya. Gamitin mo nawa ang mga programang ito na makapagbigay ng katiwasayan at kapayapaan sa kanilang mga buhay. (Marcos 10:6-9)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, pinasasalamat ka namin na ang aming grupo sa Ethiopia ay nagtuturo sa mga kababaihan at kalalakihan na sila ay nilikha sa wangis ng Diyos. Ang katauhang ito, na nadungisan ng kasalanan ay napanumbalik sa pamamagitan ng kaligtasan kay Hesu Kristo. (Gen. 1:27)

11. Dalangin namin ang makadiyos na pagsisi, pagbabagong buhay, kapatawaran, at pagkakasundo ng mga mag-asawa sa South Africa na naghawalay dahil ang kanilang kapareha ay nagtaksil. (Efeso 5:33)

12. Ama, dalangin namin ang mga kababaihan sa South Korea na nag-asawa at naging mga ina sa murang edad subalit wala silang mga magulang para magpayo sa kanila. Nawa ang pagsasahimpapawid ng Women of Hope ay mapagkunan nila ng makadiyos na karunungan at kaalaman. (Mga Awit 32:8)

13. Panginoon, tulungan mo nawa ang mga solong ina na nasa Bonaire na gawing pangunahin sa kanila ang pangangalaga sa kanilang mga katawan, kaisipan at espiritu. Upang magawa nilang mapangalagaan din ang iba at sila ay maging sandigan sa mga emosyonal na pangangailangan ng kanilang mga anak. (Isa. 40:31)

14. Ama, dalangin namin ang lahat ng mga pamilya sa Paraguay na nakatanggap ng kaligtasan ni Hesus. Palakas mo nawa ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng iyong Salita, at nawa'y kanilang maunawaan ang iyong pag-ibig at kapatawaran. (Mga Awit 119:105)

15. Oh Diyos, nawa ay hingin ng mga mag-asawa sa Liberia ang iyong pagkilos at pagbago sa kanilang buhay pag-aasawa. Ipakita mo nawa sa kanila kung paano nila dapat pahalagahan ang bawat isa at maging isa sila sa iyo. (1 Pedro 4:8)

16. Ama, tulungan mo nawa ang mga mag-asawang Finish na pahalagahan ang kasal at mapagtanto nila na ang relasyong ito ay katulad ng relasyon ni Kristo sa kanyang Iglesya – marapat na nakasaligsa pag-ibig, pagpapatawad at awa. Ang pagkilala nga sa Iyo ang pinaka dakilang pundasyon na dapat taglayin ng isang pag-aasawa at pamilya. (Efeso 5:21-23)

17. Sa pagtaas ng bilang ng mga solong magulang sa Japan, Panginoon, dalangin namin ang tulong at probisyon para sa mga inang namumuhay sa kahirapan at ang mga anak ay salat sa pangangailangan para makapag-aral. (2 Cor. 9:8)

18. Oh Diyos, nawa ang mga pamilya at mga mag-asawa sa Spain ay makasumpong ng kagalingan sa kanilang mga wasak na relasyon sa pamamagitan mo. Gawaran mo nawa sila ng katiwasayan, pagkakaisa at kapayapaan, at turuang makapagpatawad sa isa't isa. (1 Juan 4:16)

19. Panginoon, dalangin namin ang matagumpay na pagsisimula ng Polish na programa na, You Are Precious, na tumutalakay sa mga karaniwang problema sa kasal, pamilya, at sa pagiging solong magulang. (Kawikaan 16:3)

20. Ama, bigyan mo nawa ng kalakasan ang mga mag-asawa sa India upang maging tapat sa iyo at sa kanilang mga kapareha. Bigyan mo nawa sila ng biyaya na maging mapagpakumbaba, mahinahon at matiyaga sa bawat isa, maging isa sa pamamagitan ng iyong pag-ibig. (Mga Awit 133:1)

21. Ama, tulungan mo nawa ang mga asawang babae sa Pilipinas na nahihirapan sa pakikisama sa kanilang mga biyenang. Dalangin namin ang kapayapaan, katiwasayan at pag-uunawaan sa kanilang mga relasyon. (1 Pedro 5:6)

22. Oh Diyos, dalangin namin ang mga solong ina na nahihirapan sa pagtustos sa mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Ngayong pandemya, marami ang nawalan ng trabaho at nababalisa, nagugulumihan, nagugutom at nawalan pa ng matitirhan. (Mateo 6:26)